8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

3

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Piedad O. Diola

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA: ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 1, BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay daan sa pagkakakilanlan at pagtugon sa nagbabagong kapaligiran |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon na nagpapatunay ng interaksiyon ng tao at kapaligiran at kapaligiran |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Napatutunayan ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa pag-unlad ng mga kabihasnan.<br><br>***Mga Kasanayan***<br>**1.** Nasusuri ang kalagayang heograpikal ng mga sinaunang kabihasnan sa Mediterrano.<br>*2.* Nasusuri ang mga naging ambag ng sinaunang kabihasnan sa Minoan at Mycenaean at ang epekto ng mga ito sa kasalukuyan.<br>3. Natatalakay ang mga implikasyon ng mga paksang tatalakayin sa buhay ng mga mag-aaral. |
| **4. Nilalaman** | MGA SINAUNANG KABIHASNAN<br><br>1. Sinaunang Kabihasnan sa Mediterraneo (Minoan, Mycenaean) |
| **5. Integrasyon** | Tao, Lipunan at Kapaligiran<br>Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Campbell, P. (2016, March 15). The Story of Civilization. TAN Books.<br><br>Doherty, G., Claybourne, A., & Davidson, S. (2004, January 1). The Usborne Internet-linked Encyclopedia of World Geography with Complete World Atlas. http://books.google.ie/books?id=IwneAAAACAAJ&dq=The+usborne+Internet-linked+Encyclopedia+of+world+gography&hl=&cd=2&source=gbs_api<br><br>Huang He Valley. (n.d.). https://education.nationalgeographic.org/resource/huang-he-valley/ |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Mix and Fix:** Ayusin ang mga titik upang makabuo ng salita. Gamitin ang hinandang *"clues"* para sa wastong sagot.<br><br>1. TIERLET SERCEENT (isang paarkong matabang lupa na mainam na taniman) ___________________<br>2. YALAMASHI ( ipinagmamalaking bulubundukin sa India na nababalutan ng yelo. _____________________________<br>3. ANUHNH EH (tinawag din na ilog ng kapighagtian sa Tsina) ____________<br>4. AIMATOPOSEM (lupain sa pagitan ng 2 ilog). ________________<br>5. LOGI SUDNI (ang ilog na pinagsimulan ng kabihasnang India) ____________ | Maaari ding magpakita ng mga larawan bilang mga dagdag na *clues.*<br><br>Mga batayan ng kasagutan<br>1. Fertile Crescent<br>2. Himalayas<br>3. Huang He<br>4. Mesopotamia<br>5. Ilog Indus |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Panonood ng Bidyo at Pangkatang Gawain<br>**Heograpiya ng Gresya**<br>**https://www.youtube.com/watch?v=FQaikRHN9oc&t=35s** | ***Gagawin sa Unang Araw ng Klase***<br>Ipapanood ang mga maiikling *"video presentation"* sa mga araw na tatalakayin ang kabihasnan. |

| | | |
|---|---|---|
| C. **Paglinang at Pagpapalalim** | **Mga Pamprosesong Tanong**<br>Mula sa mga napanood na video, sagutin ang mga sumusunod:<br><br>1.Gamit ang mga impormasyo mula sa napanood na video, ilarawan ang heograpiya ng Gresya.<br><br>2. Ano ang karaniwang pamumuhay ng mga tao sa mga nabanggit na sinaunang kabihasnan sinaunang kabihasnan?<br><br>3. Isa-isahin ang mga naging epekto ng heograpiya ng Gresya sa pag-unlad ng kabihasnang ito.<br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Kabihasnan** – ay nagmula sa salitang-ugat na bihasa na ang kahulugan ay eksperto. Ito ay pamumuhay na nakagawian ng maraming pangkat ng tao. Kasama sa pag-unlad ng kabihasnan ay ang wika, kaugalian, paniniwala at sining.<br>Karaniwan nang sa mga lambak-ilog nagsimula ang mga kabihasnan sapagkat halos lahat ng pangangailangan ng mga tao upang maipagpatuloy ang kanilang buhay ay matatagpuan sa ilog<br><br>**Mediterrano –** tinawag ding Mediteraneo, Mediteranyo, o Mediteranea ay isang dagat ng Karagatang Atlantiko na halos natatakpan ng mga anyong-lupa. Kabilang na dito ang Europa sa hilaga, Aprika sa timog at Asya sa silangan. Ang dagat Mediterrano ang nagsilbing kanlungan ng sinaunang kabihasnang Minoan at Mycenaean,.<br><br>**Ikalawang Araw** | Ipapangkat ng guro ang klase sa 3. Bawat pangkat ay maghahanda ng kanilang sagot sa pamprosesong tnong sa malikhaing paraan.<br>Halimbawa:<br><br>Tanong 1: Sasagutin sa pamamagitan ng Sabayang Pagbasa<br><br>Tanong 2: Sasagutin sa pamamagitan ng isang Dula-dulaan<br><br>Tanong 3: Sasagutin sa pamamagitan ng Balagtasan o "*Story Telling*" |

**Kaugnay na Paksa 1: Kabihasnang Mediterrano**

Ang Gresya ay matatagpuan sa dulo ng Peninsulang Balkan sa Timog-Silangang Europa. Mahalaga ang Dagat Aegean sa Silangan, Dagat Ionian sa kanluran at Dagat Mediterranean sa timog dahil ang mga ito ang nagsilbing rutang pangkalakalan at naging dahilan upang umunlad ang mga sinaunang kabihasnan ng bansa. Mayroon ding mga isla sa palibot ng dagat Aegean. Bagaman pinaghihiwalay ng mga likas na hangganan ang mga sinaunang Griyego, hindi maikakaila na nagkaroon sila ng masidhing damdamin ng pagkakaisa at pagmamahal sa bansa dahil sa paniniwalang nagmula sila sa iisang ninuno – si Hellen. Bahagi din ng makulay na kultura ng Gresya ay ang kanilang paggamit ng iisang wika; pagkahilig at pagdaraos ng mga palaro sa Bundok Olympus.




**Pagproseso ng Pang-unawa**

***"Pamaraang Casual" (Pamprosesong Katanungan)***

***Gagawin sa Ikalawang Araw ng Klase***

Gamitin ang mapa para sa karagdagang paliwanag kung bakit naging mahalaga ang Dagat Mediterrano sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan.

*Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa panahon ng talakayan.*

- Saan unang umusbong ang kabihasnan ng Gresya?
- Paano naging isang mahalagang salik ng pag-unlad ng kabihasnan ang mga dagat sa Gresya?

**Pagsusuri sa mga hangganan ng bansang Gresya**




Mga Hangganan ng Bansang Gresya

Mediterranean Sea - sa Timog

Aegean Sea  - sa Silangan

Ionian Sea - sa Kanluran


https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Aegean-Sea.map.png

**Mediterranean Sea (Timog**) - ito ay isa sa mga dagat na bumubuo sa Dagat Atlantiko. Matatagpuan ito sa rehiyon na sumali sa timog ng Europa, kanlurang Asya at hilagang Africa. Ito ay itinuturing na isang dagat na may napakalaking kahalagahan sa kasaysayan para sa buong sibilisasyong kanluranin dahil ito ay isang lugar kung saan umunlad ang maraming kultura. Ito ay itinuturing na pangalawang pinakamalaking dagat sa loob ng lupa sa planeta, sa likod ng Caribbean.

**Aegean Sea (Silangan)** – ay isa sa mahalagang ruta ng transportasyon at kalakal para sa mga Greek**.** Ang dagat na ito ay nag-uugnay sa karamihan ng mga bahagi ng Greece. Ginamit ang Dagat Aeean upang makapaglakbay at makakuha nb

Maaaring magpakita ang guro ng iba pang mapa kung saan makikita ang tinalakay na mga hangganang-dagat. Halimbawa: Hiwa-hiwalay na mapa ng Mediterranean, Aegean at Ionian.


<table>
<tr><td></td><td>mga kalakal sapagkat ang Greece ay walang likas na yaman, tulad ng timber, mahalagang mga metal, at magagamit na bukirin.<br><br>Ionian Sea (Kanluran) – isang pahabang look na nakaugnay sa Mediterranean Sea. Mahalaga sa nga Greeks ang dagat na ito na nagsibling rutang pangkalakakan simula pa noong sinaunang kabihasnan hanggang sa kasalukuyan.</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>Pinatnubayang Pagsasanay Pamprosesong Katanungan<br>Pamaraang Casual (Pamprosesong Katanungan):<br>Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa panahon ng talakayan.<br>● Paano at saan nagsimula ang mga sinaunang kabihasnan?<br>● Paano naging isang mahalagang salik ng pag-unlad ng kabihasnan ang mga nabanggit na dagat na nakapalibot sa Gresya.<br><br>Ikatlong Araw<br>Kaugnay na Paksa 2: Kabihasnang Minoan at Mycenaean<br>https://www.youtube.com/watch?v=8NZFw9QE4wo<br><br>Matapos mapanood ang video ang mga mag-aaral ay magbibigay ng angkop na impormasyon sa bawat kolum na inihanda.<br><br><table><tr><td>Kabihasnan</td><td>Lokasyon</td><td>Heograpiya</td><td>Klima</td><td>Lipunan<br>-Sining<br>-Politika<br>-Paniniwala</td><td>Implikasyon sa Interaksyon ng Tao sa Lipunan</td></tr><tr><td>MINOAN</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td>MYCENAEAN</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table><br><br>Pagninilay sa Pagkatuto<br>Gawain: Spoken Poetry</td><td>Gagawin sa Ikatlong Araw ng Klase<br><br>Ipapanood ang video “Kabihasnang Minoan at Mycenaean”<br><br>Ang video ay naglalaman din ng maikling tanong na maaaring ibigay sa mga mag-aaral upang sagutin.<br><br>Ihinto / i-pause ang video sa panahon na itatanong ang tanong.<br><br>Maaari ding gamitin ang mga impormasyong matatagouan sa link.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Matapos ang talakayan sa mga kaugnay na paksa, sumulat ng isang *"Spoken Poetry"* na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa Kabihasnang Minoan o Mycenaean Ang tula ay maaaring maisulat mula 2 hanggang 3 saknong. Bigyang pokus sa tula ang heograpiya, lokasyon, klima, lipunan at pamumuhay ng mga tao sa napiling kabihasnan. Matapos isulat, ang tula ay ilalahad sa harap ng klase.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Ugnay-unawa**<br>**Panuto:** Gamitin ang Venn Diagram sa paghahambing ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga dahilan ng pag-unlad at kung bumagsak ang kabihasnang Minoan at Mycenaean.<br><br> | |
| **D. Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain :** Buuin ang usapan ng dalawang mag-aaral sa pamamagitan ng paglagay ng angkop na mga salita o pangungusap: | ***Gagawin sa Ika-apat na Araw ng Klase*** |

| | | |
|---|---|---|
| | <br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Japanese_students_publicdomainq-0004934crltvo.png | Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw**<br>**A .Piliin ang titik ng wastong sagot.**<br><br>1.Ano ang dalawang sinaunang kabihasnan sa Gresya?<br>A. Minoan at Mycenaean C. Pelopponesia at Marathon<br>B.Sparta at Athens D. Aegean at Ioanian<br><br>2.Ano ang angkop na paglalarawan sa Knossos na nakilala bilang makapangyarihang lungsod ng Greece?<br>A. Ang Malaking Palasyo ng Greece C. Ang Relihiyosong Templo ng Greece<br>B. Ang Bayan ng Mangingisda sa Crete D. Ang Lagusan sa Mediterrano<br><br>3.Kung agrikultura ang ikinabubuhay ng mga Minoans, ano naman ang sa Mycenaean?<br>A. pagkaalipin C. pakikidigma<br>B. pagiging maharlika D. pangangalakal<br><br>4.Kanino ipinangalan ang kabihasnang Minoan?<br>A. Dorian C. Minos<br>B. Zeus D. Athena<br><br>5. Ano ang pangunahing dahilan ng pagyaman ng mga sinaunang kabihasnan sa Gresya?<br>A. Nagpalakas ng puwersang militar.<br>B. Napalilibutan ng karagatan kung kaya naging madali ang kalakalan.<br>C. Nakarating sa iba't ibang isla ang mga produktong gawa sa lungsod.<br>D. Maraming kabundukan at kagubatan na pinagkukunan ng likas na yaman.<br><br>2. Ipaliwanag kung paano nakaapekto ang lokasyon, heograpiya, topograpiya at klima sa uri ng pamumuhay ng mga taong nabibilang sa kabihasnang umusbong sa Mediterraneo (Minoan, Mycenaean)<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>1.Magsaliksik tungkol sa heograpiya ng kabihasnang Sparta at Athens. Bigyang pokus ang: lokasyon; klima; lipunan at pamumuhay<br>Sanggunian: | ***Gagawin sa Ika-apat na Araw ng Klase***<br><br>Mga batayan ng kasagutan<br>1. A<br>2. B<br>3. D<br>4. C<br>5. C |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">sparta athens. (n.d.). In https://santolanhsapdepartment.wordpress.com/kasaysayan/kabihasnang-greek/sparta-isang-mandirigmang-polis/.<br><br>5. Ang mga nasaliksik na impormasyon ay gagawan ng buod sa pamamagitan ng “graphic organizer”<br><br>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="2">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.* |